



**Abstract**

Taken together, the three poems collect resolve as the government fails its people, the medical system buckles, lockdowns isolate, and condolences proceed without letup. This, in the fashion of a child pooling courage before a syringe.



**Keywords**

Medicine, quarantine, social media, vaccination, viral infection


**English title**

Cuddle Weather: Poems

# CUDDLE WEATHER: MGA TULA


**DENNIS ANDREW S. AGUINALDO**

# CUDDLE WEATHER

May mga panahong ayaw mo na lang tumayo
Ano? Kay lamig
Lalo kung may ididilim pa,
At ang sarap pakinggan ng haplos ng hangin sa dahon.
Makailang beses ka na ba namatayan?
May ilang nakikiramay
Na hindi sa hindi matimbang
Pero ayaw mong tumungo't
makiisa sa hanay ng mga tuldok.
Ni ayaw mo na ngang tumayo
Kailanman. Kay lalambot natin.
Isa sa ati'y mang-iiwan.
Paanong mas mainam ito sa sabayang paglaho?
"Natural, tumahimik dahil nanghina ang hangin."
Ngunit kapag ipinikit mo ang lahat ng iyo
Na maaaring ipikit:
Saka lalayas ang lahat ng dahon.

# MALASUTLA ANG BITAG

Mabait ang tawag sa, a bale, sa "mabait,"
baka sakaling makumbinsi,
at umayaw sa pagngatngat sa imbakan ng bigas.
Dahan-dahan tayo sa pagpinid ng kabinet,
at baka may butiking maipit sa bisagra.
Buhay man o patay, wala iyang tulong
sa bubuyog na aali-aligid,
at wala ring magagawa ang iyong mga kumpas.
Sinisigawan 'yan ng Indones ng "pahit, pahit,"
baka sakaling maalarma ang bubuyog
sa pait ng dugo ng tao, na ito'y mas mabagsik
sa lasong-bubuyog, na pansamantala,
binhing walang binatbat
sa ating pagtatanim ng galit.
"Aling braso po?"
"Basta." Hindi tayo ipinuwesto sa mundo
upang gitla-gitlain ng maliliit
na kung ano-ano. May kinamumuhian pa tayo ngayon,
may sasaksakin sa tagiliran bukas.
Alaga tayo
sa linis at lusog ng ating mga kamay.

# KITA MO NA

May bulag
sa banig
ng gamot.
Gusto ko itong manatili,
ito lang anim at walang dagdag.
Ngunit sakaling papiliin kung gusto kong maging makata
o magkaroon ng kasama,
puwes, nais kitang makapiling.
Banig ang latag ng gamot,oo,
pero alam mo bang bulag ang tawag
kapag may kulang na tableta sa latag?
Aya't nasa pilak ka na ng mga gamot
at hindi na makaaapila ang taong totoong bulag
na nilulon sa banig
at walang lunas
sa nag-iisa.